



Health Net Cal MediConnect Plan
(Medicare-Medicaid Plan)

Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya para sa 2021

County ng Los Angeles

REHIYON: KALAKHANG LOS ANGELES (TIMOG/KANLURAN)



*Coverage for
every stage of life™*

Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) | Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya para sa 2021

Panimula

Naglalaman ang *Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya* na ito ng impormasyon tungkol sa mga uri ng tagapagkaloob at parmasya sa Health Net Cal MediConnect at ng mga listahan ng lahat ng tagapagkaloob at parmasya ng plano mula noong petsa ng Direktoryong ito. Naglalaman ang mga listahan ng address at impormasyon sa pakikipag-ugnayan ng tagapagkaloob at parmasya pati na rin iba pang detalye tulad ng mga araw at oras na bukas, espesyalidad, at kakayahan. Ang mga pangunahing termino at kahulugan ng mga ito ay ipinapakita sa alpabetikong pagkakaayos sa huling kabanata ng *Handbook ng Miyembro*.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

Talaan ng Nilalaman

A. Mga Pagtatatuwa ng Pananagutan.....	3
B. Mga Tagapagkaloob.....	7
B1. Mga pangunahing termino	7
B2. Pagpili ng Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP).....	10
B3. Mga serbisyo at suportang pangmatagalan (Long-term services and supports, LTSS)....	11
B4. Paano matukoy ang mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect	12
B5. Paano maghanap ng mga tagapagkaloob ng Health Net Cal MediConnect sa inyong lugar.....	14
B6. Listahan ng mga tagapagkaloob na nasa network	15
C. Mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect.....	16
D. Listahan ng mga parmasyang nasa network.....	20
D1. Paano matukoy ang mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect....	21
D2. Mga pangmatagalang supply ng mga reseta	22
E. Mga parmasyang nasa network ng Health Net Cal MediConnect	23
E1. Mail Order na Parmasya	24
E2. Mga home infusion na parmasya	25
E3. Mga parmasya ng pangmatagalang pangangalaga	26
E4. Mga Espesyalidad na Parmasya.....	27



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

A. Mga Pagtatatuwa ng Pananagutan

- ❖ Ang Health Net Community Solutions, Inc. ay isang planong pangkalusugan na nakikipagkontrata sa parehong Medicare at Medi-Cal upang magbigay ng mga benepisyo ng parehong programa sa mga nakatala.
- ❖ Nakalista sa Direktoryong ito ang mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan (tulad ng mga doktor, nurse practitioner at psychologist), mga pasilidad (tulad ng mga ospital o klinika), at tagapagkaloob ng suporta (tulad ng mga tagapagkaloob ng Kalusugan sa Day Care para sa Adulto at Kalusugan sa Tahanan) kung saan maaari kayong magpatingin bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect. Inililista rin namin ang mga parmasya na maaari ninyong gamitin upang makuha ang inyong mga iniresetang gamot.
- ❖ Sa Direktoryong ito, tutukuyin namin ang mga grupong ito bilang “mga tagapagkaloob na nasa network.” Lumagda ang mga tagapagkaloob na ito sa isang kontrata kasama namin upang makapagbigay sa inyo ng mga serbisyo. Isa itong listahan ng mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect para sa Los Angeles County, California.
- ❖ Walang pananagutan ang mga tagapagkaloob na wala sa network/hindi nakontrata na gamutin ang mga miyembro ng Health Net Cal MediConnect Plan, maliban sa mga emerhensiyang sitwasyon. Mangyaring tumawag sa numero ng aming Mga Serbisyo para sa Miyembro o basahin ang inyong *Handbook ng Miyembro* para sa higit pang impormasyon, kasama ang pagbabahagi sa gastos na nalalapat sa mga serbisyong wala sa network.
- ❖ Maaari ninyong makuha ang dokumentong ito nang libre sa ibang format, gaya ng sa malalaking titik, braille, o audio. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaaring magpaiwan sa inyo ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.
- ❖ Gustong masiguro ng Health Net Cal MediConnect Plan (Medicare-Medicaid Plan) na nauunawaan ninyo ang impormasyon sa inyong planong pangkalusugan. Maaari kaming magpadala sa inyo ng mga materyal sa ibang wika o alternatibong format kung hihilingin ninyo ito sa ganitong paraan. Tinatawag itong “pangmatagalang kahilingan.” Itatala namin ang inyong pinili.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

Tumawag sa amin kung:

- Gusto ninyong makuha ang inyong mga materyal sa Arabic, Armenian, Cambodian (Khmer), Chinese (mga tradisyonal na karakter), Farsi, Korean, Russian, Spanish, Tagalog, Vietnamese o sa isang alternatibong format. Maaari ninyong hilingin ang isa sa mga wikang ito sa isang alternatibong format.
 - o
- Gusto ninyong baguhin ang wika o format na ipinadala namin sa inyo sa mga materyal.

Kung kailangan ninyo ng tulong sa pag-unawa ng mga materyal ng inyong plano, makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711). Ang mga oras na bukas ay mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok.

- ❖ Kasama sa Direktoryong ito ang mga tagapagkaloob ng mga serbisyo ng Medicare at Medicaid.
- ❖ ATTENTION: If you speak a language other than English, language assistance services, free of charge, are available to you. Call 1-855-464-3571 (TTY: 711) from 8 a.m. to 8 p.m., Monday through Friday. After hours, on weekends and on holidays, you can leave a message. Your call will be returned within the next business day. The call is free.
- ❖ ATENCIÓN: Si usted habla español, hay servicios de asistencia de idiomas disponibles para usted sin cargo. Llame al 1-855-464-3571 (TTY: 711) de 8:00 a. m. a 8:00 p. m., de lunes a viernes. Después del horario de atención, los fines de semana y los días feriados puede dejar un mensaje. Le devolveremos la llamada el siguiente día hábil. La llamada es gratuita.
- ❖ PAALALA: Kung nagsasalita ka ng Tagalog, available sa inyo ang mga serbisyo ng tulog sa wika, nang walang singil. Tumawag sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Paglipas ng mga oras ng negosyo, tuwing Sabado at Linggo at sa pista opisyal, maaari kang mag-iwan ng mensahe. Ang iyong tawag ay ibabalik sa loob ng susunod na araw ng negosyo. Libre ang tawag.
- ❖ ВНИМАНИЕ: Если вы говорите по-русски, мы можем предложить вам бесплатные услуги переводчика. Звоните по телефону 1-855-464-3571 (линия ТТУ: 711). Вы можете получить необходимую информацию непосредственно у сотрудника плана с понедельника по пятницу с 8:00 часов утра до 8:00 часов вечера. В нерабочее время, а также в выходные и праздничные дни, вы можете оставить сообщение. Вам перезвонят на следующий рабочий день. Звонок бесплатный.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

- ❖ XIN LƯU Ý: Nếu quý vị nói tiếng Việt, chúng tôi sẵn có dịch vụ hỗ trợ ngôn ngữ miễn phí dành cho quý vị. Hãy gọi 1-855-464-3571 (TTY: 711) từ 8 giờ sáng đến 8 giờ tối, từ thứ Hai đến hết thứ Sáu. Sau giờ làm việc, vào các ngày cuối tuần và ngày lễ, quý vị có thể để lại tin nhắn. Cuộc gọi của quý vị sẽ được hồi đáp vào ngày làm việc hôm sau. Cuộc gọi này miễn phí.

❖ تنبيه: إذا كنت تتحدث العربية، تتوفر لك خدمات المساعدة اللغوية مجانًا. يُرجى الاتصال بالرقم 1-855-464-3571 (TTY: 711)، من الساعة 8:00 صباحًا حتى 8:00 مساءً، من يوم الاثنين إلى الجمعة، وللاتصال في غير أوقات الدوام الرسمي، أيام الأجازات والعطلات، يمكنك ترك رسالة. سنرد على مكالمتك في يوم العمل التالي. هذه المكالمة مجانية.

- ❖ ՈՒՇԱԴՐՈՒԹՅՈՒՆ՝ Եթե Հայերեն եք խոսում, անվճար լեզվական օգնության ծառայություններ են հասնում Ձեզ : Զանգահարեք 1-855-464-3571 (TTY՝ 711): Մի անձ այստեղ է Ձեզ հետ զրուցելու նպատակով երկուշաբթիից ուրբաթ, կ.ա. 8:00-ից կ.հ. 8:00-ը: Աշխատանքային ժամերից անց, հանգստյան օրերին եւ տոներին, կարող եք թողնել հաղորդագրություն: Ձեր զանգը կվերադարձվի հաջորդ աշխատանքային օրվա ընթացքում: Հեռախոսազանգն անվճար է:

- ❖ 請注意：如果您使用中文，您可以免費獲得語言援助服務。請致電 1-855-464-3571 (聽障專線：711)。週一至週五，上午8點到下午8點。非營業時間、週末及假日，您可以留言。我們會在下一個工作日給您回電。此專線為免付費電話。

- ❖ ចំណាប់អារម្មណ៍: បើសិនអ្នកនិយាយភាសាខ្មែរ សេវាជំនួយភាសាភាគតិចថ្លៃ គឺមានសំរាប់អ្នក។ ទូរស័ព្ទទៅលេខ 1-855-464-3571 (TTY: 711) ពីម៉ោង 8 ព្រឹក ដល់ 8 យប់ ថ្ងៃច័ន្ទ រហូតថ្ងៃសុក្រ។ បន្ទាប់ពីម៉ោងធ្វើការ នៅចុងអាទិត្យ និងថ្ងៃបុណ្យ អ្នកអាចទុកសារស័ព្ទបាន។ អ្នកនឹងត្រូវបានទូរស័ព្ទមកវិញ នៅថ្ងៃធ្វើការបន្ទាប់ទៀត។ ការហៅនេះ គឺឥតចេញថ្លៃឡើយ។

❖ توجه: اگر به فارسی صحبت می کنید، خدمات امداد زبانی به طور رایگان در اختیار شما می باشد. با شماره 1-855-464-3571 (TTY: 711) از ساعت 8:00 صبح تا 8:00 شب، دوشنبه تا جمعه تماس بگیرید. بعد از ساعات کاری، در آخر هفته ها و تعطیلات رسمی، می توانید پیام بگذارید. به تماس تلفنی شما در روز کاری بعدی پاسخ داده خواهد شد. این تماس رایگان است.

- ❖ 알림: 귀하께서한국어를 사용하시는 경우 언어 지원 서비스를 무료로 이용하실 수 있습니다. 1-855-464-3571 (TTY: 711) 번으로 월요일 - 금요일, 오전 8시부터 오후 8시까지 전화하십시오. 영업시간 이후, 주말 및 공휴일에는 메시지를남기실 수 있습니다. 다음 영업일에 저희가 귀하께 전화를 드리겠습니다. 안내전화는 무료입니다.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

- ❖ Napapanahon ang listahan noong araw na naghanap ka, ngunit kailangan mong malaman na:
 - ❖ Maaaring may ilang tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect na naidagdag o naalis sa aming network pagkatapos mailathala ang Direktoryong ito.
 - ❖ Maaaring hindi na tumatanggap ng mga bagong miyembro ang ilang tagapagkaloob ng Health Net Cal MediConnect sa aming network. Kung nagkakaproblema kayo sa paghahanap ng tagapagkaloob na tumatanggap ng mga bagong miyembro, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY:711) at tutulungan namin kayo.
 - ❖ Upang makuha ang pinakabagong impormasyon tungkol sa mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect na nasa inyong lugar, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com/findadoctor o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY:711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Ang mga doktor at iba pang propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan sa network ng Health Net Cal MediConnect ay nakalista sa mga pahina sa mga seksyong *Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga at Espesyalidad*. Nakalista ang mga parmasya sa aming network sa seksyong *Parmasya*.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

B. Mga Tagapagkaloob

B1. Mga pangunahing termino

Ipinapaliwanag ng seksyong ito ang mga pangunahing terminong makikita ninyo sa aming *Direktoryo ng Tagapagkaloob at Parmasya*.

- Ang **mga tagapagkaloob** ay mga propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan at tagapagkaloob ng suporta tulad ng mga doktor, nurse, pharmacist, therapist, at iba pang taong nagbibigay ng pangangalaga at mga serbisyo. Kabilang sa **mga serbisyo** ang pangangalagang medikal, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS), supply, serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, mga inirereseta at over-the-counter na gamot, kagamitan at iba pang serbisyo.
 - Kasama rin sa terminong mga tagapagkaloob ang mga pasilidad tulad ng mga ospital, klinika, at iba pang lugar na nagbibigay ng mga serbisyong medikal, medikal na kagamitan, at pangmatagalang serbisyo at suporta.
 - Ang mga tagapagkaloob na bahagi ng network ng aming plano ay tinatawag na mga tagapagkaloob na nasa network.
- Ang **mga tagapagkaloob na nasa network** ay mga tagapagkaloob na nakipagkontrata sa amin upang magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembrong nasa aming plano. Sa pangkalahatan, direkta kaming sinisingil ng mga tagapagkaloob na nasa network namin para sa pangangalagang ibinibigay nila sa inyo. Kapag nagpatingin kayo sa isang tagapagkaloob na nasa network, karaniwan wala kayong babayaran para sa mga sinasaklawang serbisyo.
- Ang **Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga** (Primary Care Provider, PCP) ay family practice physician, general practitioner, pediatrician, klinika ng pangunahing pangangalaga, o doktor ng internal medicine na nagbibigay sa inyo ng routine na pangangalaga ng kalusugan. Itatabi ng inyong PCP ang inyong mga medikal na tala at aalamin niya ang mga pangangailangan ninyo sa kalusugan sa paglipas ng panahon. Bibigyan din kayo ng inyong PCP ng **referral** kung kailangan ninyong magpatingin sa espesyalista o iba pang tagapagkaloob.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

- Ang **mga espesyalista** ay mga doktor na nagbibigay ng mga serbisyo ng pangangalagang pangkalusugan para sa isang partikular na sakit o bahagi ng katawan. Maraming uri ng mga espesyalista. Narito ang ilang halimbawa:
 - Pangangalaga ng mga oncologist para sa mga pasyenteng may kanser.
 - Gagamutin ng mga cardiologist ang mga pasyenteng may mga problema sa puso.
 - Gagamutin ng orthopedist ang mga pasyenteng may mga problema sa buto, kasu-kasuan, o kalamnan.
- Ang isang Medikal na Grupo ay isang grupo ng mga PCP, espesyalista, at iba pang tagapagkaloob ng pangangalagang pangkalusugan na magkasamang nagtatrabaho at kinontratang makipagtulungan sa aming plano.
- Maaaring kailanganin ninyo ng **referral** para makapagpatingin sa espesyalista o sa isang taong hindi ninyo PCP. Ang isang **referral** ay nangangahulugang dapat kayong bigyan ng pag-apruba ng inyong tagapagkaloob ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP) bago kayo magpatingin sa isang taong hindi ninyo PCP. Kung hindi kayo makakakuha ng referral, maaaring hindi saklawin ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo.
 - Hindi kinakailangan ng mga referral mula sa PCP na nasa network para sa:
 - Pang-emerhensiyang pangangalaga;
 - Agarang kinakailangang pangangalaga;
 - Mga serbisyo ng dialysis ng bato na inyong nakukuha sa isang pasilidad para sa dialysis na sertipikado ng Medicare kapag kayo ay nasa labas ng lugar ng serbisyo ng plano; o
 - Mga serbisyo mula sa espesyalista sa kalusugan ng kababaihan.
 - Bukod pa rito, kung kayo ay karapat-dapat para makatanggap ng mga serbisyo mula sa mga Indian na tagapagkaloob para sa kalusugan, maaari kayong magpatingin sa mga tagapagkaloob na ito nang walang referral. Dapat naming bayaran ang Indian na tagapagkaloob sa kalusugan para sa mga serbisyong iyon kahit na wala sila sa network ng aming plano.
 - Mayroong higit pang impormasyon tungkol sa mga referral sa Kabanata 3 ng *Handbook ng Miyembro*.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

- Magkakaroon din kayo ng access sa isang tagapangasiwa ng pangangalaga at grupo sa pangangalaga na pipiliin sa tulong ninyo.
 - Tutulongan kayo ng **Tagapangasiwa ng Pangangalaga** na pamahalaan ang inyong mga medikal na tagapagkaloob at serbisyo.
 - Ang inyong **Grupo sa Pangangalaga** ay isang grupo ng mga taong makikipagtulungan sa inyo sa pagbuo ng Plano sa Pangangalaga para sa Indibidwal upang lutasin ang inyong mga pangangailangan sa kalusugan at suporta, nang sinasalamín ang mga personal ninyong kagustuhan at layunin.
 - Nagsisimula ang inyong **Grupo sa Pangangalaga** sa inyong Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga at Tagapangasiwa ng Pangangalaga. Maaaring kabilang sa iba pang miyembro ng grupo ang eksperto sa kalusugan ng pag-uugali o serbisyong panlipunan, doktor na espesyalista, o dietician.
 - Ang **Personal na Plano sa Pangangalaga** ay ang listahan ng mga layunin sa pangangalagang pangkalusugan na sinang-ayunan ninyong asikasuhin ng inyong Grupo sa Pangangalaga. Kabilang sa mga layuning ito ang:
 - Pangangalaga sa inyong pisikal na kalusugan;
 - Pangangalaga sa kalusugan ng inyong pag-iisip;
 - Mga pangmatagalang serbisyo at suporta. (Para ito sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagligo, pagbibihis, paggawa ng pagkain, at pag-inom ng gamot.)
- Nagtutulungan ang lahat ng tao sa grupo ng pangangalaga upang matiyak na may koordinasyon sa inyong pangangalaga. Ibig sabihin, tinitiyak nilang isang beses gagawin ang mga pagsusuri at laboratoryo at ibinabahagi ang mga resulta sa mga naaangkop na tagapagkaloob. Nangangahulugan din itong dapat alam ng inyong PCP ang lahat ng gamot na iniinom ninyo upang mabawasan niya ang anumang negatibong epekto. Palaging kukunin ng inyong PCP ang pahintulot ninyo bago ibahagi ang inyong impormasyong medikal sa iba pang tagapagkaloob.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

B2. Pagpili ng Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP)

Maaari kayong tumanggap ng mga serbisyo mula sa sinumang tagapagkaloob na nasa aming network at tumatanggap ng mga bagong miyembro.

Una sa lahat, kakailanganin ninyong pumili ng Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga. Maaari kayong magkaroon ng isang espesyalista bilang inyong PCP. Dapat ay may pagnanais at kakayahan ang espesyalista na magbigay ng pangangalagang kailangan ninyo. Kung kailangan ninyong hilinging gawing PCP ninyo ang isang espesyalista, tumawag sa aming Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag.

Nauugnay ang mga PCP ng aming plano sa mga medikal na grupo. Kapag pinili ninyo ang inyong PCP, pinipili rin ninyo ang nauugnay na medikal na grupo. Nangangahulugan ito na ire-refer kayo ng inyong PCP sa mga espesyalista at serbisyong nauugnay sa kanyang medikal na grupo.

- Kung may partikular na espesyalista o ospital na gusto ninyong gamitin, mahalagang alamin ninyo kung nauugnay sila sa medikal na grupo ng inyong PCP. Puwede ninyo itong tingnan sa direktoryong ito, o ipatingin sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net Cal MediConnect kung nakakapagbigay ang PCP na gusto ninyo ng mga referral sa espesyalistang iyon o kung ginagamit niya ang ospital na iyon.
- Kung hindi kayo mananatili sa medikal na grupo ng inyong PCP, maaaring hindi saklawan ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo.

Para pumili ng PCP, pumunta sa listahan ng mga tagapagkaloob at pumili ng tagapagkaloob:

- na ginagamit ninyo ngayon, **o**
- inirekomenda ng isang taong pinagkakatiwalaan ninyo, **o**
- may mga tanggapanang madali ninyong mapupuntahan.
- Kung gusto ninyo ng tulong sa pagpili ng PCP, pakitawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711), mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. O kaya, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.
- Kung may mga tanong kayo tungkol sa kung magbabayad kami para sa anumang medikal na serbisyo o pangangalagang gusto o kailangan ninyo, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro at magtanong **bago** ninyo kunin ang serbisyo o pangangalaga.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

B3. Mga serbisyo at suportang pangmatagalan (Long-term services and supports, LTSS)

Bilang miyembro ng Health Net Cal MediConnect, maaari kayong makakuha ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports, LTSS), tulad ng Mga Serbisyo sa Adulto sa Komunidad (Community-Based Adult Services, CBAS), Programa ng Mga Pangmaramihang Layuning Serbisyo para sa Senior (Multipurpose Senior Services Program, MSSP), at pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga pasilidad ng pangangalaga. Tumutulong ang LTSS sa mga taong nangangailangan ng tulong sa paggawa ng mga pang-araw-araw na gawain tulad ng pagligo, pagbibihis, paggawa ng pagkain, at pag-inom ng gamot. Ibinibigay ang karamihan ng mga serbisyong ito sa inyong bahay o sa inyong komunidad ngunit maaari ring ibigay ang mga ito sa nursing home o ospital.

Kabilang sa mga serbisyong ito ang Mga Serbisyo sa Adulto sa Komunidad (Community-Based Adult Services o CBAS).

Ang CBAS ay isang programa sa kalusugan sa araw na nakabase sa komunidad na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga nakatatanda at mga adultong may pabalik-balik na problema at/o kapansanang medikal, sa pag-iisip, o sa kalusugan ng pag-iisip na nanganganib na mangailangan ng institusyonal na pangangalaga.

Upang mag-apply para sa CBAS, mangyaring makipag-ugnayan sa Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok.

Kabilang sa iba pang pangmatagalang serbisyo at suporta na ibinibigay ng Health Net Cal MediConnect ang Programa ng Mga Pangmaramihang Layuning Serbisyo para sa Matatanda (Multipurpose Senior Services Program, MSSP) at pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga pasilidad ng pangangalaga. Nagbibigay ng serbisyo ang MSSP sa mga taong 65 taong gulang pataas. Sa pangmatagalang custodial na pangangalaga sa mga pasilidad ng pangangalaga, tinitiyak ng plano ng kalusugan na hindi pabago-bago ang pangangalaga at planado nang maayos ang anumang paglipat.

Makikita sa Kabanata 4 ng inyong *Handbook ng Miyembro* ang kumpletong listahan ng mga serbisyong ito.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

B4. Paano matukoy ang mga tagapagkaloob na nasa network ng Health Net Cal MediConnect

Dapat ninyong kunin ang lahat ng sinasaklaw na serbisyo mula sa mga tagapagkaloob na nasa aming network na nauugnay sa medikal na grupo ng inyong PCP. Kung pupunta kayo sa mga tagapagkaloob na wala sa network ng Health Net Cal MediConnect at hindi nauugnay sa medikal na grupo ng inyong PCP (nang walang paunang pahintulot o pag-apruba mula sa amin), kayo ang magbabayad sa singil.

Ang **paunang pahintulot** ay isang pag-apruba mula sa Health Net Cal MediConnect na dapat ninyong makuha bago kayo makatanggap ng isang partikular na serbisyo o gamot o bago kayo makapagpatingin sa isang tagapagkaloob na wala sa network. Maaaring hindi saklawan ng Health Net Cal MediConnect ang serbisyo o gamot kung hindi kayo makakuha ng pag-apruba.

Hindi kabilang sa panuntunang ito ang mga pagkakataon kung saan kailangan ninyo ng agaran o pang-emerhensiyang pangangalaga o dialysis at hindi kayo makakapunta sa isang tagapagkaloob na nasa plano, tulad ng kapag malayo kayo sa bahay. Maaari din kayong pumunta sa labas ng plano o medikal na grupo ng inyong PCP kung bibigyan muna kayo ng pahintulot ng Health Net Cal MediConnect.

Maaaring kailanganin ninyo ng referral para makapagpatingin sa hindi Tagapagkaloob ng Pangunahing Pangangalaga. Mayroong higit pang impormasyon tungkol sa mga referral sa Seksyon B1, Mga pangunahing termino, ng Direktoryong ito.

- Maaari kayong magpalit ng tagapagkaloob na nasa network anumang oras sa taon. Kung matagal na kayong nagpapatingin sa isang tagapagkaloob na nasa network, hindi kinakailangang sa tagapagkaloob na iyon pa rin kayo patuloy na magpapatingin. Para sa ilang tagapagkaloob, maaaring kailanganin ninyo ng referral mula sa inyong PCP.
- Tandaan, ang mga PCP ng aming plano ay nauugnay sa mga medikal na grupo. Kung papalitan ninyo ang inyong PCP, maaaring papalitan din ninyo ang inyong mga medikal na grupo. Kapag humiling kayo ng pagbabago, tiyaking ipapaalam ito sa mga Serbisyo para sa Miyembro magpapatingin man kayo sa isang espesyalista o kukuha ng ibang sinasaklawang serbisyo na nangangailangan ng pag-apruba ng PCP. Titiyakin ng Mga Serbisyo para sa Miyembro na maaari ninyong ipagpatuloy ang inyong may espesyalidad na pangangalaga at iba pang serbisyo kapag pinalitan ninyo ang inyong PCP.



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

- Nakikipagtulungan ang Health Net Cal MediConnect sa lahat ng tagapagkaloob na nasa aming network upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may mga kapansanan. Kung nalalapat, ang listahan ng mga tagapagkaloob na nasa network na nasa Direktoryong ito ay may impormasyon tungkol sa mga akomodasyong ipinagkakaloob ng mga ito.
- Kung kailangan ninyong magpatingin sa isang tagapagkaloob at hindi kayo sigurado kung mayroon sila ng mga akomodasyong kinakailangan ninyo, matutulungan kayo ng Health Net Cal MediConnect. Makipag-usap sa inyong tagapangasiwa ng pangangalaga para sa tulong o tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-855-464-3571 (TTY: 711).



Kung may mga tanong kayo, pakitawagan ang Health Net Cal MediConnect sa 1-855-464-3571 (TTY: 711) mula 8 a.m. hanggang 8 p.m., Lunes hanggang Biyernes. Para sa mga oras pagkatapos ng trabaho, Sabado at Linggo, at pista opisyal, maaari kayong mag-iwan ng mensahe. May tatawag sa inyo sa susunod na araw na may pasok. Libre ang tawag. **Para sa higit pang impormasyon**, bisitahin ang mmp.healthnetcalifornia.com.

B5. Paano maghanap ng mga tagapagkaloob ng Health Net Cal MediConnect sa inyong lugar

